

WORD

²² . . . *Si Jesus na taga-Nazaret ay sinugo ng Diyos sa inyo . . .* ²³ *Alam na noon pa ng Diyos na itong si Jesus ay ibibigay sa inyo at ganito na talaga ang kanyang plano. Ipinapatay ninyo siya sa mga makasalanang tao na nagpako sa kanya sa krus.* ²⁴ *Ngunit binuhay siya ng Diyos at iniligtas mula sa kapangyarihan ng kamatayan, dahil ang totoo, kahit ang kamatayan ay walang kapangyarihang pigilan siya.”* **MGA GAWA 2:22-24**

(Basahin din ang **1 MGA TAGA-CORINTO 15.**)

Nakasalalay ang ating pananampalataya sa katotohanan na walang laman ang libingan ni Jesus. Ang muling Niyang pagkabuhay ay hindi lamang isang talinhaga, o di kaya'y kuwento lamang na ipinagdiriwang tuwing Linggo ng Pagkabuhay. Ito ay makasaysayan at ipinapapakita ang plano, kapangyarihan, at pangako ng Diyos para sa ating kaligtasan. Sa araling ito, ating titignan ang kabuluhan ng muling pagkabuhay ni Jesus sa pananampalatayang Kristiyano.

1 Ang Plano ng Diyos

“²³Alam na noon pa ng Diyos na itong si Jesus ay ibibigay sa inyo at ganito na talaga ang kanyang plano. Ipinapatay ninyo siya sa mga makasalanang tao na nagpako sa kanya sa krus. ²⁴Ngunit binuhay siya ng Diyos at iniligtas mula sa kapangyarihan ng kamatayan . . . ”

MGA GAWA 2:23,24

(Basahin din **1 MGA TAGA-CORINTO 15:3,4.**)

Plano ng Diyos na iligtas tayo sa pamamagitan ng pagpapadala ng Kanyang Anak na si Jesus. Naayon sa plano ng Diyos ang lahat ng nangyari sa Kanya. *Si Cristo ay namatay upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, inilibing siya ngunit muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan* upang matubos ng Diyos ang mundo. Ipinapakita ng muling pagkabuhay ang kaibahan ni Jesus sa lahat ng mga guro ng relihiyon sa mundo: na Siya ang ating Panginoon at Tagapagligtas. Paano ka natutulungan ng pagkaalam sa plano ng Diyos sa muling pagkabuhay na matiyak na Siya ang namamahala ng lahat, maging ng iyong buhay?

2 Ang Kapangyarihan ng Diyos

“Ngunit binuhay siya ng Diyos at iniligtas mula sa kapangyarihan ng kamatayan, dahil ang totoo, kahit ang kamatayan ay walang kapangyarihang pigilan siya.” **MGA GAWA 2:24**

Ipinakita ng muling pagkabuhay ang dakilang kapangyarihan ng Diyos. Maging ang kamatayan ay hindi Siya kayang pigilan! Ang muling pagkabuhay ni Jesus ay nagpakita ng Kanyang katagumpayan laban sa kamatayan at nagpakita ng Kanyang pagka-Diyos (1 Mga taga-Corinto 15:55). Dahil dito, dapat tayong mapuno ng pag-asa na wala tayong dapat katakutan dahil pinagtagumpayan na ni Cristo ang ating laban. Ayon sa 1 Mga taga-Corinto 15:57, ano ang mayroon tayo kay Cristo?

3 Ang Pangako ng Diyos

²⁰Ngunit ang totoo, muling nabuhay si Cristo bilang katibayan na muling bubuhayin ang mga patay. . . . ²²Sapagkat kung paanong tayong mga tao ay mamamatay dahil sa kaugnayan natin kay Adan, ganoon din naman, dahil sa ating kaugnayan kay Cristo, tayong lahat ay muling mabubuhay. **1 MGA TAGA-CORINTO 15:20,22**

Ang muling pagkabuhay ni Jesus ay hindi lamang nagpakita ng Kanyang kapangyarihan kundi maging ng lalim ng Kanyang katapatan na nagsilbing selyo sa ipinangako ng Diyos na kapatawaran, pagtubos, at kaluwalhatian ni Cristo. Sinisiguro nito ang ating pag-asa sa buhay matapos ang kamatayan at ito ang batayan ng ating buhay na walang hanggan. Ngayong alam na natin ang ipinangako ng Diyos, ano ang dapat nating pananaw patungkol sa kamatayan? (1 Mga taga-Corinto 15:54-57)